Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Disyembre 1, 2022

Para sa: Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
at sa iba pang KInauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) ay naglunsad ng pandisbisyong pagsasanay sa pagbuo ng SINEliksik Bulacan Modules na nagtatampok ng mga kwento ng kabayanihang Bulakenyo na nagsimula noong Agosto 17, 2022.

Kaugnay nito ay gaganapin ang pormal na paglulunsad ng SINEliksik Bulacan Modules sa Disyembre 9, 2022 ganap na ika-8:00 ng umaga sa Tanghalang Nicanor Abelardo Auditorium, Lungsod ng Malolos.

Ang mga kalahok sa gawaing ito ay ang mga sumusunod:

1. Module Development Team ng SINELIksik Bulacan Modules
2. Mga punongguro ng tatlumpu't-anim (36) na bagong piling paaralan sa elementarya na naglaan ng paglalagyan ng SINEliksik Bulacan Research Hub.

Inaasahan na ang mga gawain ng napiling guro sa bawat paaralan habang nasa gawaing ito ay maayos na naiplano ng mga namamahala sa paaralan.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng bawat dadalo.

Kalakip ng sulat na ito ang sulat paanyaya na nagmula sa Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ROWENA T. QUIAMBAO, CESE**
Katuwang na Tagapamahala
ng mga Paaralan
Nanunumparang Tagapamanihala
ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
No. 119 s. 2022

Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph*

TO RELEASED
NO.:



Nobyembre 23
Marilao North
Marilao South
Bocaue

Nobyembre 25
Calumpit North
Calumpit South
Pulilan

Hinihiling na kanilang maihanda ang palatuntunan para sa pormal na pagbubukas gayundin ang pagsasabitan ng SINEliksik Bulacan Research Hub Seal na hangga't maaari ay katabi ng SINEliksik Bulacan Posters.

- Maanyayahan ang mga gurong manunulat, tagaguhit at tagalapat kasama sina Dr. Virgilio L. Laggui, mga tagasuri at TWG para sa paglulunsad ng SINEliksik Bulacan Module sa Disyembre 9, 2022, ganap na ika-8:00 ng umaga sa Tanghalang Nicanor Abelardo Auditorium. Hinihiling din po ang inyong mahalagang pagdalo at pagbibigay ng mahalagang mensahe sa araw na ito.
- Maanyayahan ang punong guro ng panibagong 33 paaralang magtatayo ng SINEliksik Bulacan Research Hub para sa pagtanggap ng SINEliksik Bulacan Poster. Hinihiling na kanilang maisumite ang larawan na nagpapakita na kumpleto nang natugunan ang mga pangangailangan para sa pagtatayo ng research hub.

Lubos po kaming umaasa sa inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan. Makikipag-ugnayan po sa inyong tanggapan si Gng. Zayvie Tinsay o maaari rin siyang maka-ugnayan sa numerong 09338234209.

Maraming salamat po!

Lubos na sumasainyo,

Sumasainyo,

**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno

CTO RELEASED
NOV 1 4 2022
NO.: 022-270

DepEd- SDO of Bulacan
RECEIVED
NOV 1 4 2022
By: 2:42

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

ANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

Nobyembre 14, 2022

**GNG. ROWENA T. QUIAMBAO**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent
DepED, Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Sa Atensyon Ni: **Dr. Virgilio L. Laggui**
AP Supervisor

Mahal na **Gng. Quiambao:**

Pagbati sa ngalan ng kasaysayan, sining, kultura at turismo ng Bulacan!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng aming tanggapan at sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon Dibisyon ng Bulacan ay isinagawa ang paglulunsad ng proyektong SINEliksik Bulacan Research Hub noong Marso 9, 2022 sa Mamerto C. Bernardo Memorial Central School, Poblacion, Pandi, Bulacan.

Kaugnay nito, bilang aming katuwang sa proyektong nabanggit, magalang pong hinihiling ang mga sumusunod:

- Maisagawa ang pormal na pagbubukas ng SINEliksik Bulacan Research Hub sa 32 Central Schools sa dibisyon ng Bulacan ngayong buwan ng Nobyembre at sa buwan ng Enero sa susunod na taon.

  Nobyembre 16
  San Ildefonso North
  San Rafael

  Nobyembre 17
  Norzagaray
  Bustos

  Nobyembre 18
  Baliwag South
  Baliwag North